Alert.seattle.gov/volcano [Alert.seattle.gov/bulkan]

Ang Mga Pangyayari: May pumutok na bulkan sa Washington State. Kabilang sa mga panganib nitong pagputok ang mainit na abo, bato, lava, umaagos na putik, at mga pagguho ng lupa. Maaaring sirain at gambalain ng mga malalaking pagputok ang mga kalye, koryente, mga pangkalahatang serbisyo ng gas at tubig at magsapanganib sa kalusugan daan-daang milya pababa dahil sa mga pinong abo na lumulutang sa himpapawid.

Ano ang dapat gawin:

- Maaaring hilingin ng mga awtoridad na magkubli sa kinaroroonan (shelter-in-place) o lumisan. Maging handa para sa kapwa posibilidad.
- Kung hiniling ng mga awtoridad na magkubli sa kinaroroonan, maging handang manatili sa loob. Ipasok ang inyong pamilya at mga alagang hayop. Isara at ikandado ang lahat ng mga pinto, bintana at fireplace damper. Maglagay ng mga tuwalyang bahagyang basa sa threshold (mga puwang sa ibaba) ng mga pintuan at iba pang mga bukasan kung saan maaaring pumasok ang hangin mula sa labas.
- Patayin ang mga bentilador, aircon at forced air heating system na humihigop ng hangin mula sa labas.
- Maging handang gamitin ang maaaring gamitin na nandoon na upang maselyuhan ang mga puwang nang sa ganoon hindi kayo malalantad sa hangin mula sa labas.
- Protektahan ang inyong mga baga sa pamamagitan ng isang disposable facemask (maskara para sa mukha na karaniwan ginagamit nang minsan). Kung mayroong karamdaman ang inyong sistema ng paghinga, sundin ang inyong plano ng pamamahala ng asthma.
- Protektahan ang inyong mga mata – alisin ang inyong mga contact lens at magsuot ng salamin o goggles na nagbibigay ng proteksiyon.
- Kung hiniling ng mga awtoridad na lumikas, gawin ito agad. Sundin ang anumang mga inirekomendang rutang ibinigay sa evacuation notice (pahayag na kailangang lumikas). Maaaring may mga nakapaskil na karatula sa mga kalye at highway ang ilang ruta.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

Mga link na makakatulong:

http://www.seattle.gov/emergency-management/what-if/hazards/volcano-hazards-including-lahars

http://mil.wa.gov/emergency-management-division/hazards/volcano

http://www.ready.gov/volcanoes